

NOTES

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

.....

WARM-UP

- Mahilig ka ba sa mga sorpresa? Bakit o bakit hindi?
- Ibahagi ang isang pagkakataon kung kailang hindi ka nakinig sa babala ng iyong magulang o tagapag-alaga. Ano ang nangyari?
- Ano ang karaniwang tugon mo sa tuwing may nagtatama ng mga kamalian mo? Balikan ang isang pagkakataon na nagpapaliwanag nito?

WORD

Pero sinabihan sila ni Jesus, “Patuloy na gumagawa ang aking Ama, kaya patuloy din ako sa paggawa.” **JUAN 5:17**

(Basahin din ang **JUAN 5:1-16.**)

Ang ikatlong katibayang nagpapatunay na si Jesus ang Anak ng Diyos ay ang pagpapagaling Niya sa isang lumpo noong Araw ng Pamamahinga. Ang lalaki ay hindi na nakakalakad sa loob ng tatlumpu't walong taon, at nakatagpo niya si Jesus. Ano ang maaari nating matutunan sa pagpapagaling na naganap sa may palanguyan sa Araw ng Pamamahinga? Ang mga sumusunod ay tatlong bagay na ginawa ni Jesus na nagdadala sa atin upang tumugon sa Kanya.

1 Si Jesus ay nagtatanong upang tayo ay makatugon

⁶Nakita ni Jesus ang lalaki na nakahiga roon at nalaman niyang matagal na itong may sakit. Kaya tinanong siya ni Jesus, “Gusto mo bang gumaling?” ⁷Sumagot ang may sakit, “Gusto ko po sana, pero walang tumutulong sa aking lumusong sa tubig kapag kinakalawkaw na ito. Sa tuwing papunta pa lang ako, nauunahan na ako ng iba.” **JUAN 5:6,7**

Ang lalaking lumpo ay naniniwala na siya ay gagaling sa pamamagitan ng paglubog sa palanguyan ng Bethesda. Hindi niya nakita na si Jesus, ang Tagapagpagaling — ang siyang magpapagaling sa kanyang karamdaman ay nasa kanyang harapan dahil nakatuon lamang siya sa mga nakasanayan ng kanyang panahon. Kailangan nating matutunan na makilala si Jesus, at tumugon kapag inanyayahan Niya tayo. Anong mga maling paniniwala o pag-iisip ang mayroon ka bago ang iyong pakikipag-ugnayan kay Jesus? Paano nagbago ang mga ito habang lumalago ka sa iyong pananampalataya?

2

Si Jesus ay nagpapagaling upang tayo ay makatugon

⁸Sinabi ni Jesus sa kanya, "Tumayo ka, buhatin mo ang higaan mo at lumakad!" ⁹Agad na gumaling ang lalaki. Binuhat niya ang higaan niya at lumakad. Nangyari ito sa Araw ng Pamamahinga.

JUAN 5:8,9

Nang hindi nagtatanong, pinagaling ni Jesus ang lumpo, at ito ay nangyari ng biglaan. Ang paggaling ng lalaki ay pagkakataon upang lumapit at sumunod siya kay Jesus, subalit hindi niya ito ginawa. Kadalasan, dahil nakatuon tayo sa sarili nating mga paghihirap, nakakalimutan natin na kayang-kaya tayong tulongan ni Jesus. At ito ang tamang pagkakataon upang tumugon sa mga ginagawa Niya sa ating buhay. Ano ang sinasabi ng Bibliya na dapat nating gawin ayon sa Santiago 4:8? Ano ang ginagawa ng Diyos bilang tugon?

3

Si Jesus ay nagbibigay babala upang tayo ay makatugon.

Hindi nagtagal, nakita ni Jesus sa templo ang taong pinagaling niya, at sinabihan, "O, magaling ka na ngayon. Huwag ka nang magkasala pa, at baka mas masama pa ang mangyari sa iyo."

JUAN 5:14

Ang lalaking lumpo ay nagkaroon ng pangalawang pagtatagpo kay Jesus. Sa pagkakataong ito, binigyan siya ng utos na huwag nang mamuhay sa kasalanan upang walang mas malalang bagay na mangyari sa kanya. Sa tuwing makakaharap natin ang katotohanan, ang tamang tugon ay ang pumunta sa Diyos at magsisi. Ano ang pagsisi? Paano natin malalaman na tunay ang ating pagsisi? (Mateo 3:8)

APPLICATION

- Ano ang hadlang na maaaring pumipigil sa 'yo upang tumugon sa paanyaya ni Jesus na sumunod sa Kanya? Ano ang maaari mong gawin upang mapagtagumpayan ito simula ngayon?
- May pinagdaraanang ka ba ngayong isang pagsubok? Paano mo magagawang maniwala na tutulongan ka ng Diyos?
- May kakilala ka bang kamag-anak o kaibigan na may pinagdaraanang pagsubok at nangangailangan ng himala? Paano mo mapalalakas ang kanyang loob ngayong linggo?

PRAYER

- Purihin ang Diyos para sa maraming pagkakataon na ibinigay Niya sa iyo upang tumugon sa Kanya, at bumalik sa Kanya ng may pagsisi at pagsuko. Ihayag ang Kanyang Pagkapanginoon sa iyong buhay, at mangakong araw-araw kang mamumuhay ayon sa Kanyang pamamaraan.
- Higin sa Diyos ang mas malaking paggalang sa Kanya at ang mas malalim na pagkagutom sa Kanyang pamamaraan.
- Ipanalangin ang kalakasan at kakayahan na mapagtagumpayan ang mga personal na pagsubok. Ipanalangin ang mga kakilala mong dumaranas din ngayon ng pagsubok.



VICTORY

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph